

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Binabati ko ang aming mga mag-aaral sa pagkumpleto ng first quarter! Nais kong ibahagi ang aking pasasalamat sa mga pamilya at kaguruan sa kanilang hindi matitinag na dedikasyon sa pagtulong sa aming mga mag-aaral na maabot ang kanilang makakaya sa panahon na ito. Madaling makalimutan na dalawang taon na pala mula nang tayo ay magsimula sa isang tradisyunal na pag-aaral at ang pagbabalik sa dati na maghapon na nag-aaral nang personal ay isang pagsasaayos. SALAMAT PO!

Nais ko ring ipagpatuloy ang pag-iingay ng pagkilala at pasasalamat na nararapat sa aming mga nars sa paaralan. Pambihira talaga ang kanilang walang sawang pagsisikap, mahabang oras, sakripisyo, at dedikasyon sa mga mag-aaral at mga pamilya. Ang aming mga kakayahan sa testing bilang isang Distrito ay patuloy pa rin na lumalawak.

Ang pagpapalawak ng COVID-19 testing sa lahat ng mga paaralan ng Title I na kasama ang Beechtree Molecular Lab ay makukumpleto sa pagtatapos ng susunod na linggo, na may layuning District-wide testing sa ika-11 ng Nobyembre. Ang mga pinalawak na kakayahan ay magpapahintulot sa mga nars na magbigay ng mga resulta sa testing bago ang susunod na araw ng pasukan. Mangyaring malaman na wala kaming mga plano na gamitin ang mga Covid-19 antigen take-home test na inaalok mula sa State of Alaska dahil may sapat kaming kakayahan sa aming kasalukuyang plano para sa testing.

Habang sa palagay ko ang aming mga nars sa paaralan ay mga rock stars, ang mga maliliit na tulong ay palaging malugod na tinatanggap. Ang mga nakakontratang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng Nine State of Alaska ay inilagay sa aming mga paaralang sekondarya upang tumulong sa testing, pagsusuri sa kalusugan, pagbisita sa tanggapan, dokumentasyon, at edukasyon sa COVID. Kami ay nagagalak sa kanilang tulong, dahil kapwa mapapawi ang stress sa aming mga nars at mapapabuti ang tugon ng COVID-19 sa pamamagitan ng patuloy na pagsisikap sa pagpapagaan.

Sa panghuli, tandaan natin kung kanino patungkol ang lahat ng ito - sa ating mga mag-aaral. Ipinagmamalaki ko silang lahat. Hinaharap din nila ang mga stress at hamon. Sa pamamagitan ng pagbawas sa pagkagambala sa kanilang pag-aaral at panatilihin ang mga ito sa silid aralan, tinutulungan namin sila para magtagumpay. Lahat tayo ay may bahagi sa pagpapanatiling Walang Sintomas ang ASD. Patuloy tayong magtulongan upang ang ating mga mag-aaral ay lumaki at matuto.

Cheers,
Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente

[Link to the English version](#)